

# Mga Hamon

Bago umunlad ang SFMTA tungo sa nakapagpapabagong sistema na gusto natin, kailangang **bumalik tayo sa mga pinakabatayang gawain** upang mapatatag ang kasalukuyang pundasyon ng sistema para sa mga sumasakay araw-araw

## 1) Kakulangan ng mga Operator





## 3) Lalo pang kasikipan na nagpapabagal sa pampublikong transportasyon at trapiko









## 2) Hindi nagagawa ng San Francisco ayon sa inaasahan ang tunguhin ng Vision Zero




## 4) 47% lamang ng mga biyahe ang gumagamit ng mga opsiyon na nagpapanatili sa kapaligiran





Kasalukuyang gamit ng iba't ibang paraan ng transportasyon

SFMTA


# Mga Kakulangan sa Istruktura FY 2021 at FY 2022


Ang Ating Responsibilidad: Pagpapatakbo ng napakahusay na sistema ng transportasyon na may maaasahan at madalas na pampublikong transportasyon at mga kalyeng ligtas para sa lahat – maraming mapagpipiliian sa pagbibiyahe na maaasahan, saan man sila nakatira o gaano kalaki man ang kanilang kita.

Nagpapakita ang kasalukuyang baseline para sa FY 2021 at FY 2022 ng istruktural na pagkukulang batay sa kasalukuyang kita, kung ihahambing sa kasalukuyang gastos. Mayroong istruktural na kawalan ng balanse sa pagitan ng kasalukuyang kita na napananatili, at ng lumalaking gastos.




| Bagay o Item na Pag-uusapan | FY 21, $M | FY 22, $M |
|---|---|---|
| Kita – Inaasahan | 1,209 | 1,225 |
| Gastos – Batayan | 1,275 | 1,302 |
| **Kakulangan sa Batayang mga Operasyon** | **(66)** | **(77)** |



# Lumalaking Pangangailangan sa Operasyon at Pangangapital sa Transportasyon

**Habang patuloy na lumalaki ang lungsod, kapwa sa populasyon at pag-eempleyo, nahihirapan ang sistema ng transportasyon na makaagapay sa lumalaking pangangailan para sa pagbibiyahe at pagiging napupuntahan ng mga lugar.**




## Pagpopondo sa Ating Sistema

Iniharap sa Task Force 2045 ang **$22 bilyon na kakulangan sa pondo** para sa sistema sa transportasyon ng San Francisco hanggang 2045.

Pagsapit ng 2040, inaasahan na magkakaroon ang San Francisco ng karagdagang 73,400 unit ng pabahay at 275,000 bagong trabaho.





## Pangmatagalang Pagpaplano

Noong 2015, nagkaroon ng 4.3 milyon na lahat ng uri ng pagbibiyahe araw-araw, papunta sa, mula sa, at sa loob ng San Francisco, sa pamamagitan ng lahat ng paraan ng pagbibiyahe.

Pagsapit ng **2050, inaasahang lalaki ang bilang na iyan sa 5.9 milyon — na 36% pagtaas sa pagbibiyahe.**

### Malalaking Kita – sa 2019 na Naiayon nang Halaga ng Dolyar (Constant Dollars)

Lumalaki ang kita sa pangkalahatang pondo habang bumababa naman ang kita sa negosyo kapag nasa 2019 na naiayon nang halaga ng dolyar.




Pinagkunan: SFMTA Annual Disclosures (Taunang Pagsisiwalat). Hindi kasama sa FY 18-19 ang minsanang ERAF. Kasama sa FY 19-20 ang $17M na minsanang ERAF.

# Mga Solusyon: Working Group para sa Pagiging Maaasahan ng Muni

Nitong nakaraang taon, itinatag ng lungsod ang **Muni Reliability Working Group (Nagtatrabahong Pangkat para sa Pagiging Maasahan ng Muni)** – ang pangkat ng mga eksperto sa mga serbisyo sa transportasyon na nagdetalye kung saan dapat mamuhunan ng Muni upang makapaghatid ng serbisyong naipangako na.

## Mahahalagang rekomendasyon upang mapatatag ang naririyan nang serbisyo

- Mas mabilis na mag-empleyo at magbigay ng pagsasanay sa mga operator para nasa daan na sila
- Superbisyon upang makapaghatid ng pinakamahusay na serbisyo
- Pagpapatupad sa batas upang mapanatiling dumadaloy ang trapiko
- Pagpapalawak ng Muni Transit Ambassador Program (MTAB)
- Palitan ang sistema ng pagkontrol ng tren ng Market Street Subway, na noon pang 1990 ginawa

### Mga Miyembro ng Working Group

- Kathleen Kelly, AC Transit, SFMTA (dati)
- Mike Hursh, AC Transit
- James Gallagher, LA Metro
- Beverly Scott, Massachusetts Bay Transportation Authority (dati)
- Queena Chen, Chinatown Transportation Research and Improvement Project
- Alicia John-Baptiste, SPUR
- Cat Carter, San Francisco Transit Riders
- Gwyneth Borden, SFMTA Commission
- Roger Marenco, TWU Local 250A
- Terrence Hall, TWU Local 250A
- Ed Harrington, San Francisco Controller' Office (dati), San Francisco Public Utilities Commission (dati)

### Mga ahensiya at departamentong Sumusuporta sa Working Group

- San Francisco Municipal Transportation Agency
- San Francisco Controller' Office
- San Francisco Department of Human Resources
- San Francisco City Attorney's Office
- Awtoridad sa Transportasyon (Transportation Authority) ng County ng San Francisco



Seremonya sa Pagtatapos ng mga Operator



Parking Control Officer sa Market Street



MTAB na tumutulong sa kabataang nasa tren sa paggamit ng bike rack ng Muni

# Mga Solusyon: Serbisyo sa Transportasyon na Gold Standard (Pamantayang Ginto)

## Mga Plano para sa Hinaharap

1. Palawakin ang serbisyo ng bus upang mabawasan ang kasikipan
2. Tugunan ang hindi pagkakaroon ng equity o katarungan sa pagkakapantay-pantay sa mga komunidad
3. Paghandaan ang serbisyo para sa Central Subway
4. Mas maraming superbisyon sa linya

- Pagpapahusay sa subway
- Pagpapasimula sa pag-abot sa nakararami ukol sa mga bagong proyekto:
  - Downtown Mission
  - K Ingleside, M Oceanview, N Judah
  - Pinal na 5 Fulton Segment
  - Pagtatapos sa J Church na proyekto para sa pagpapahusay sa daan




43 Masonic sa Lombard Street




54 Felton sa 3rd Street

## Pagkakaroon ng Equity o Katarungan sa Pagkakapantay pantay sa Serbisyo sa Muni

Pahihintulutan ng mga dagdag na resources ang mga sumusunod na pagpapahusay batay sa Stratehiya sa Equity sa Serbisyo ng Muni



Pagtugon sa kasikipan sa mga sumusunod na linya:
8, 9, 10, 12, 14R, 24, 28, 43, 44, 45

Pagtugon sa mga problema sa headway sa gabi sa mga sumusunod na linya:
7, 12, 23, 28, 54

Pagpapalaki ng pamumuhunan para sa mga sumusunod na linya:
25, 56

1% na nakatabi upang maharap ang labis na kasikipan
Pagdaragdag ng mga bus para mas mahusay na masalamin ang mga oras ng pagtakbo

Bagong Serbsyo sa Sabado at Linggo
28R

29 Sunset na Mga Pagpapahusay sa Kapasidad at Oras ng Pagbibiayahe

Mas Mahusay na Koneksiyon mula Bayview papuntang Downtown

SFMTA

# Mga Solusyon: Mas Ligtas na mga Kalye, Mas Magandang Pagsakay

Kung saan tayo namumuhunan, doon din tayo nakakakita ng mga resulta:

- Muni sa Hinaharap = mas marami na ang sumasakay sa pinahusay na mga ruta
- Vision Zero = mas kaunting banggaan sa pinahusay na mga kalye

Mga Naisagawa Kamakailan

- Nakapag-empleyo ng 278+ operator magmula noong 2018
- Tataas ang suweldo ng operator nang 14% pagsapit ng FY22 kung ihahambing sa mga suweldo ng FY18
- Maghahatid ang Market Street ng hanggang sa 12% na mas magandang oras ng pagbibiyahe at 25% na mas maraming nagbibisikleta



9/9R Mas mababa nang 37% ang panahon na pinakamarami ang nagbibiyahe at mas mataas nang 28% ang mga sumasakay




L Taraval: **zero pinsala** na sa mga hintuan kung saan gumawa ng mga clear zone



Mas mataas nang 28% ang **mga sumasakay** matapos mailunsad ang 28R, ang unang ruta na crosstown ng Rapid



Mas mababa ang oras ng pagbibiyahe nang 12% at mas mataas ang pagsakay nang 60% sa mga ruta ng Fulton



Nakakita ang Turk Street ng **287% pagtataas ng pagbibisikleta** kasunod ng instalasyon ng protektadong mga lane ng bisikleta



Humantong ang malapit nang matapos na proyekto ng Folsom Street sa **pakiramdam na mas ligtas**, ayon sa mga nagbibisikleta (83%), naglalakad (54%), at nagmamaneho (48%)

# Mga Solusyon: FY 21–25 Capital Improvement Program (pagpapahusay sa mga istruktura)

Plano naming ipagpatuloy ang paghahatid ang uri ng mga proyekto na nakapagpakita na ng mga resulta. Sinasalamin ito ng aming plano sa pangangapital.

### Muni Forward

- Ilunsad ang Programang Quick Build
- 22 Fillmore: 16th St.
- 14 Mission TPP
- J Church na Transit Priority Project , TPP)
- K Ingleside TPP
- L Taraval
- M Oceanview TPP
- N Judah TPP
- Embarcadero Pocket Track

### Nasa Maayos na Kondisyon

- Subway Mechanical Systems SGR na Programa
- Proyekto para sa Modernisasyon ng Potrero Yard
- Muling Pagtatayo ng Presidio Facility
- Fire Life Safety SGR Program (Programa para sa Kaligtasan ng Buhay Kaugnay ng Sunog)
- Automatic Train Control System (Awtomatikong Sistema sa Pagkontrol ng Tren, ATCS)

### Vision Zero at Malalaking Proyekto para sa Pagsasaayos ng Kalye


- Programang Quick Build
- Nagagamit ng Lahat na Signal para sa mga Naglalakad
- Folsom Howard Yugto 1
- 6th Street
- Taylor Street
- Mission Street Excelsior
- Mas Mahusay na Market Street
- Folsom Howard Bids 2

### Mga Sasakyan

- Pagpapalit at Pagpapalawak sa LRV
- Pagbili ng Electric Bus
- New Flyer Mid-Life Overhauls (Malalaking Pagbabago sa Kalagitnaan ng Buhay ng Bagong Flyer)



Quick-Build Projects (Mg Proyekto para sa Mabilisang Pagtatrabaho) ng Vision Zero



Mga Manggagawang Inaayos ang Sistema ng Awtomatikong Pagkontrol sa Tren sa subway ng Muni

# Mga Solusyon: Pagsusulong sa Vision Zero

Paglalaan ng bagong pondo, ang TNC na Buwis ng Proposisyon D

- Inaprubahan ng mga botante ang mapagkukunan ng pondo para sa pangangapital
- $15 milyon ang tinataya taon-taon para sa mga proyekto upang maging ligtas ang mga kalye
- Paghusayin pa ang naririyan nang mga programa gamit ang pondo mula sa Proposisyon D:
  - 50% para sa bagong programa na Quick-Build, lalo na para sa protektadong pasilidad ng bisikleta o proyekto sa High Injury Network (lugar kung saan mataas ang pinsala)
  - 50% para sa pag-a-upgrade ng signal hardware, lalo na ang mga modipikasyon sa pag-signal (bagong mast arms, poste, at pagiging nakikita) sa mga inaalalang komunidad at/o sa High Injury Network

**Mas Mataas na Pamantayan: Patuloy na Pondo para sa Kampanya sa Edukasyon**

- Pagtutuon sa paghahatid ng pagbabago sa mga kilos at gawi sa pamamagitan ng edukasyon, na mahusay na kasabay ng mga programa at pag-iinhinyero.
- Pagpapahusay sa mga asset sa edukasyon at pakikipagkomunikasyon, kung saan pagtutuunan ng pondo ang paghahatid:
  - Pagkakaroon ng mga kawani sa pag-abot sa nakararami at mga pagtitipon
  - Sa kalye, sa radyo at sa pinaglalabasan online
  - Pag-abot sa nakararami sa iba't ibang wika sa lahat ng paraan
- Hinihiling: $1.2 milyon taon-taon, na tuloy-tuloy na pinopondohan sa pamamagitan ng mga pondo sa operasyon ng ahensiya, at nang matiyak ang patuloy na pagtutuon at suporta.
- Pakikipag-ugnay sa mga rehiyonal na ka-partner tulad ng Metropolitan Transportation Commission upang mapalawak ang mensahe at makaabot sa mas maraming tao








# Mga Pamasahe sa Muni

Nakatutulong ang mga pamasahe sa Muni sa pagpopondo ng pangalawang pinaka-abalang sistema sa transportasyon sa bansa. Mahalaga ang opinyon ng publiko kung paano mapapanatili ang mga ito na may katarungan sa pagkakapantay-pantay.

Ang mga pinahahalagaha ng ating polisiya:

- Katarungan sa pagkakapantay-pantay (equity) sa halip
- na pagkakapantay-pantay (equality)
- Mga subsidyong "nakatuon (targeted)" sa halip na "panlahat (blanket)"

| | | Baseline Indexing<br>• Ipinagpapatuloy ang unti-unting pagtataas taon-taon<br>• Pinananatili ang kasalukuyang ratio o numerikong relasyon sa pagitan ng mga pases na para sa minsanang pagsakay ang pases na buwanan<br>• Pinananatiling pareho ang kasalukuyang mga libreng programa | | Nakatuon sa Katarungan sa Pagkakapantay-pantay (Equity)<br>• Palalawakin ang libreng Muni sa lahat ng kabataan at babawasan ang kaugnay na mga administratibong singil<br>• Tataasan ang mga buwanang pases<br>• Hindi tataasan ang cash na pamasahe | | Estandardisadong mga Pamasahe<br>• Hindi tataasan ang cash na pamasahe<br>• Tatanggalin ang diskuwento sa Clipper<br>• Naka-index o nakaayon ang lahat ng iba pang bagay<br>• Pinananatiling pareho ang kasalukuyang mga libreng programa | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Uri ng Pamasahe | **Kasalukuyan** | **FY21** | **FY22** | **FY21** | **FY22** | **FY21** | **FY22** |
| Buong Bayad para sa Minsanang Pagsakay | 3.00 | 3.25 | 3.25 | 3.00 | 3.00 | 3.00 | 3.00 |
| Buong Bayad para sa Minsanang Pagsakay (Elektroniko) | 2.50 | 2.75 | 2.75 | 2.75 | 2.75 | 2.80 | 2.90 |
| Mas Mababang Bayad para sa Minsanang Pagsakay | 1.50 | 1.65 | 1.65 | 1.50 | 1.50 | 1.50 | 1.50 |
| Mas Mababang Bayad para sa Minsanang Pagsakay (Elektroniko) | 1.25 | 1.40 | 1.40 | 1.35 | 1.35 | 1.40 | 1.45 |
| Pagpapalawak ng Libreng Muni para sa Lahat ng Kabataan | | | | LIBRE | LIBRE | LIBRE | LIBRE |
| Libreng Muni para sa mga Indibidwal na Nakaranas ng Kawalan ng Tahanan | | | | LIBRE | LIBRE | LIBRE | LIBRE |
| Pang-isang Araw na Pases (Hindi kasama ang Cable Car) | 5.00 | 5.50 | 5.50 | 5.50 | 5.50 | 5.60 | 5.80 |
| Pang-adult o Nakatatanda na "M" na Buwanang Pases | 81.00 | 85.00 | 87.00 | 88.00 | 94.00 | 86.00 | 88.00 |
| Pang-adult o Nakatatanda na Buwanang Bases (+ BART sa loob ng SF) | 98.00 | 102.00 | 104.40 | 106.00 | 113.00 | 103.00 | 106.00 |
| Buwanang Pases na Mas Mababa ang Pamasahe | 40.00 | 43.00 | 44.00 | 44.00 | 47.00 | 43.00 | 44.00 |
| Pases na Lifeline (para sa mababa ang kita) | 40.00 | 43.00 | 44.00 | 41.00 | 42.00 | 41.00 | 42.00 |
| Minsanang Pagsakay sa Cable Car | 8.00 | 8.00 | 9.00 | 8.00 | 9.00 | 8.00 | 9.00 |
| Mga Serbisyo ng Paratransit na Van | 2.50 | 2.75 | 2.75 | 2.75 | 2.75 | 2.80 | 2.90 |

# Mga Multa

**Mga Multa: Parusa para sa hindi pagsunod sa batas**

- Guiding the fines of policy values and goals:
  - Ang sumasakay ng pampublikong transportasyon na gumagamit ng 3 ft2 kung ihahambing sa  kotseng hindi legal na nakaparada at gumagamit ng 160 ft2
  - Bigyan ng prayoridad ang mga multa sa mapanganib na kilos at gawi sa halip na multa sa mga nakagugulo lamang
- Nabago na namin ang aming mga multa upang masalamin ang aming mga pinahahalagahan at pigilan ang mapanganib na mga kilos at gawi
  - Pinalaki ang multa sa mga scooter na sinasakyan sa bangketa (39% pagtaas)
  - Pnalaki ang multa sa pagparada sa mga lane ng bisikleta (14% pagtaas)
- Pnalaki ang multa sa pagparada sa mga lane ng bisikleta (14% pagtaas)
- Sa pangkalahatan, tinaasan ang mga multa gamit ang polisiya na awtomatkong pag-iindex, maliban na lamang kung saan may limitasyon dahil sa batas ng estado
  - Para lalo pang mapagsumikapan ang pagpapatupad:
  - Muling nadoble ang pagpapatupad ng batas ukol sa pagharang sa mga interseksiyon (block the box) upang mabawasan ang kasikipan at higit na maging ligtas (66 bagong PCO)



# Pamamahala sa Kasikipan at Pangangailangan – Mga Oras sa Metro

Makikipag-partner ang SFMTA sa mga Superbisor ng Distrito at lokal na asosasyon ng mga negosyante upang mapagpasyahan kung saan magiging pinakakapaki-pakinabang sa negosyo ang pinahabang mga oras para sa mga metro

- Pahabain ang mga oras para sa metro sa mga espesipikong komersiyal na distrito sa komunidad hanggang 10pm, Lunes-Sabado
- Itakda ang singil para sa 6–10pm na mas mababa nang $2/oras kaysa sa singil para sa 3–6pm, kung saan $1/oras na ang pinakamababa
- Iayon ang singil sa metro sa pagdaan ng panahon, gamit ang pagpepresyong batay sa pangangailangan
- Pahabain ang pagpaparada sa maiksing panahon (sonang berde) at pagsasakay sa pasahero (sonang puti) hanggang 10 pm o mas matagal pa, kung naaangkop
- Pangongolekta at ebalwasyon ng datos, at pagpapalawak sa iba pang kung lugar kung matagumpay

